NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Hunyo 3, 2019



NOBELA

## SAKA NA LANG KITA MAMAHALIN

Ni NERI JEDELIZ

KUWENTO NG LINGGO

## ANG MISIS SA BAHAY

Ni JD RONQUILLO

TULA

## KUNG PAANONG KINATATAKUTAN KO ANG ULAN

Ni GEROME NICOLAS DELA PEÑA

# Sharon Cuneta

MANILA BULLETIN PUBLISHING

ISSN 1656-98-14

ESM BOOKSTORE
Telefax (02)905-2351 / 930-9728
CP# 09052849354

ang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


## NOBELA

6 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (2)**
*Efren Abueg*

9 **Saka Na Lang Kita Mamahalin(10)**
*Neri Jedeliz*

12 **Higit Na Matibay (25)**
*Armando T. Javier*

## KUWENTO

4 **Ang Misis Sa Bahay**
*JD Ronquillo*

14 **Kung Ano Ang Mahahanap...**
*George Deoso*

## LATHALAIN

16 **Ang Musika Ni Jesus "Jhake" Tecson Nebreja Mula Nuklus Band Noong 1979...**
*Joel Costa Malabanan*

18 **Matatag At Masayang Pamilya: Susi Sa Tagumpay Ng Bata...**
*Lilia Borlongan-Alvarez*

## KOMIKS

28 **Sa Mundong Iyon... (37)**
*Perry C. Mangilaya / Donato Santos*

31 **Ako At Ako Lamang (58)**
*Elena M. Patron-Delos Angeles / Rico Rival*

34 **Happy Father's Day, Inay**
*Alquin M. Pulido / Alfred C. Manuel*

38 **Doro Dora**
*William Contreras*

## TULA

40 **Kung Paanong Kinatatakutan Ko Ang Ulan**
*Gerome Nicolas Dela Pena*

## KOLUM

19 **Epektibong Pagtuturo**
*Pat V. Villafuerte*

20 **Buklat/Mulat**
*Dr. Eugene Y. Evasco*

22 **Haraya**
*Dr. Michael M. Coroza*

24 **Agrikultura**
*Zac B. Sarian*

36 **Magluto Tayo**
*Mareng Lena*

36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
*Boy A. Silverio*

## SHOWBIZ

26 **Sharon Cuneta, Ipinagmamalaki Ang Horror Movie Nilang Kuwaresma**
*Maricris V. Nicasio*

27 **Rayantha Leigh, Labas Na Ang Album, Kaliwa't Kanan Pa Ang Projects**
*Nonie V. Nicasio*

## LIBANGAN

37 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

37 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*

38 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*

38 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

38 **Magtawanan Tayo!**
*Simeon Sorrosa*










# ANG MISIS SA BAHAY

Ni JD RONQUILLO

KUNG bakit tumigil siya sa trabaho, hindi niya maipaliwanag. *Senior assistant* siya ng direktor ng *human resource department*. Ngayong misis na lamang siya at *fulltime* na taumbahay, hindi niya malaman kung ano pa ang gagawin niya sa kaniyang buhay.

Nagsimula iyon nang dumalo siya sa *alumni homecoming* ng haiskul nilang may *crush* siya--si Romar. Sa maraming pagdalo niya sa gayong okasyon, hinanap-hanap niya ito, ngunit nauwi lamang iyon sa lagi niyang pagkapahiya sa sarili. Hanggang nang hindi niya inaasahan, dumalo ito at maaga pang dumating nang gabing iyon sa hotel.

"Ano? Ikaw si Dina, 'yung *salutatorian* noon?" Nag-aaspili siya ng *ribbon* sa dibdib ng mga kaklaseng dumarating.

Kumabog nang bahagya ang dibdib niya nang napatitig ito sa kaniya na parang may hiyas na nakita sa kaniyang mga mata.

"Mabuti at natandaan pa ako ng *number one* isnabero sa *section one*!" Nakangiti niyang kantyaw rito nang makabitan na niya ito ng *ribbon*.

Nawala ang mga mata ni Romar nang tumawa. "Di ko matandaang kinalimutan ko ang pangunahing Mutya ng Linggo ng Wika sa iskuwelahan natin."

Aba, natatandaan nga siya nito! Minsan lamang naman siyang naging mutya noong *third year* sila.

"Aha! Ni-*review* mo siguro ang *annual* natin, ha?" kunwa'y kantyaw niya rito. "Tinanggap mo na siguro ang *letter-notice* ng *principal* natin dito na bibigyan ka ng *plaque of recognition*?"

"Huwag ka namang ganyan, Miss Mutya. *I just want to enjoy my first attendance* sa *alumni homecoming* natin *tonight*. *Sorry* nga at ngayon lang ako naka-*attend*. Kundi lang sa nakalulugas na buhok na propesyon ko, palalampasin ko ba na makita uli ang *salutatorian* namin!"

*Aba, ibig aplayan ako ng pagka-abugago nito!*

Binigyan nga si Romar ng plake ng pagkilala bilang *topnotcher* sa *bar examination* may tatlong taon na ang nakararaan, kasama ng iba pang nanguna sa kanilang mga propesyon.

Nang gabing iyon, isinayaw siya




nang isinayaw ni Romar pagkaraan ng masaya't maingay na hapunan, saka pinatawa siya nang pinatawa ng mga *anecdote* nito.

"Ha! Ha! Ha! Mawiwili ako sa *more homecomings to come*!" sabi pa nito habang malalim nitong inaarok ng tingin ang kaniyang mga mata.


Iyon lamang ang simula. Tumawag ito at nag-imbita ng *dinner*; tumawag at nagyakag ng *outing* sa isang *resort* sa San Juan, Batangas. Nang magkayakagan ang *human resource department* nila na pumunta sa Disneyland sa Hongkong, sumama sa kanila si Romar.

"*Jackpot* ka, *friend*," sabi ng *office mate* niyang si Claire. "*Secured* na *secured* ka sa kaniya. Pinsan ko'ng *assistant accounting officer* ng kanilang *investment house*."

# "Ikaw na muna, Mommy"

Ni EFREN ABUEG

"Nagkausap sana kami!" naibulalas niya sa sarili.



(IKA-2 NA LABAS)

IWINAGLIT muna ni Tania ang usapan nila ng kaniyang Mommy tungkol sa kung sinong *obgyny* (*obstetrics gynecologist*) ang maaaring umeksamen sa kaniya: *lalaki ba o babae?*

"*Busy* naman ngayon si Mommy sa *grocery* niya dahil sa pagkaopera kay Mayumi. Baka nga malimutan pa niya ang magpatingin kay Dr. Rayos."

Napabaling ang isip niya sa bilin ng *hiring manager* ng pagbalik niya rito pagkaraan ng limang araw.

"*Make sure* na may desisyon ka na kung mag-a-*abroad* ka o ipipila kita *for hiring* sa *local hospitals.*"

Ngayon, alalahanin iyong parang kabuteng unti-unting lumalaki sa kaniyang kalooban.

"Kasi naman si Mommy," naisip niya ang pagsunod niya rito sa pagpili ng kaniyang karera.

Sabi niya noon, tutulong na lamang siya sa *grocery*. Tatanda rin naman ang kaniyang ina.

"Mabuti na 'yung may propesyon ang isang babaeng tulad mo. Walang masasabi sa 'yo ang magiging *in-laws* mo."

"*In the long run,* Mommy, sa akin mo naman ipamamana itong *grocery*!"

"O, paano kung humina o malugi ang *business* natin sa *grocery*? Ang lakas ng kumpetisyon ng itinatayong naglalakihang *malls* ngayon!"

Nangatwiran si Tania na ayaw niyang mangibang- bayan para maghanapbuhay. Karaniwang iyon sa mga nars sa Pilipinas na naghahanap ng trabahong may malaking suweldo.

"Naniniguro lang ako, Tania. May *relatives* naman tayo sa *states* na makatutulong sa 'yo."



EPEKTIBONG PAGTUTURO

Ni PAT V. VILLAFUERTE

# Mabisang Pagpapahayag ng Guro

**MASASABING** buhay na buhay ang wika dahil patuloy na ginagamit sa pakikipagtalastasan, pasalita man o pasulat. Bagama't masasabing hindi permanente ang wika dahil patuloy itong nagbabago, ayon sa maraming pag-aaral, habang ang wika'y lumalaki, umuunlad at patuloy na ginagamit, patuloy namang nararagdagan at yumayaman ang kasanayan ng tao sa pagbubuo ng mga salita at pangungusap.

Walang kabuluhan ang buhay kung walang pakikipagtalastasang nagaganap araw-araw. Ito ang nagbibigay-buhay sa buong maghapon, tulad ng isang epektibong guro na nakikipag-ugnayan sa kaniyang mga kaibigan, kamag-anak, kaguro at mag-aaral.

Mahalagang magkaroon ng malinaw at mabisang pagpapahayag ang isang guro upang higit siyang maunawaan ng kaniyang mga mag-aaral. Ang gurong nasanay na sa pagtuturo ay nagtataglay ng mabisang kasanayan sa pagpapahayag maging ito'y sa paraan ng pag-uulat, pagtatalumpati, pagsasalaysay, paglalarawan at pangangatuwiran.

Narito ang mga dapat tandaan ng guro upang maging mabisa ang kaniyang pagpapahayag:

**1. Pumili ng angkop na salitang gagamitin**. Sa pagtuturo ng Filipino, hindi maiiwasang makagamit ng mga salitang Ingles. Hangga't maisasalin sa Filipino ang mga salitang Ingles ay higit na naiibigan at nauunawaan ng mga mag-aaral. Noong araw, ang salin sa Filipino ng **rice terraces** ay hagdan-hagdang palayan. Sa kasalukuyang panahon, ang salin nito sa Filipino ay **payyew**, ang katutubong salita ng mga Ibanag. May alituntunin kasi ang Komisyon sa Wikang Filipino na hangga't maaari ay wikang katutubo ang hanapin at gamiting salin sa mga salitang English na hindi maisasalin sa Filipino. Kaya ang **tarsier** ng Bohol ay tinatawag na ngayong **maomag** at ang *whale shark* sa Bicol ay tinatawag na ngayong **butanding**.

**2. Gumamit ng pagpapahayag na may isang diwa ang pangungusap.** Ang pangungusap na maligoy at walang pokus sa estruktura ay hindi mauunawaan ng mga mag-aaral. Sa makalumang balarila, ang gamitin ng mga guro ay ang estrukturang simuno-panaguri na itinuturing na karaniwang ayos ng pangungusap samantalang ang estrukturang panaguri-simuno ang kabalikang ayos. Sa pag-aaral ng lingguwistika, hindi na nga tinatawag na simuno ang pinag-uusapan sa pangungusap. Paksa na ang tawag dito. Napatunayan na rin na sa pag-aaral ng pangungusap, ang estrukturang panaguri-paksa ang maituturing na karaniwa1ng ayos, at ang estrukturang paksa-panaguri ay nasa kabalikang ayos. Halimbawa:

*Ang rehabilitasyon sa Boracay ay naibigan nang marami.* (kabalikan)

*Naibigan nang marami ang rehabilitasyon sa Boracay.* (karaniwan)

Kung ang paksa ng pangungusap ay tungkol sa rehabilitasyon ng Boracay, dito nakapokus ang susunod na mga pangungusap upang magkaroon ng kaisahan at kalinawan sa diwang ipinahahayag.

**3. Gawing malinaw ang pagkakabuo ng bawat kaisipan.** Sa isang pagpapahayag, hindi maiiwasang kung minsan ay nalilihis ang guro sa paksang pinag-uusapan sa loob ng klasrum dahil samu't sari ang mga paksa at kaisipang naglalakbay sa kaniyang isip. Ang pagpapalit-palit ng paksa sa pagpapahayag ay nakakasagabal sa mabilis na pag-unawa sa nilalaman ng pahayag. Halimbawa:

*Ako ang batang nakagagawa ng mga bagay-bagay nang nag-iisa. Nasisiyahan akong gamitin ang aking mga kamay upang makalikha ng anumang bagay na nakaakit sa paningin ng iba. Nagagamit ko rin ang aking mga kamay at buong katawan sa pakikipagtalastasan. Masayang makita ang mga batang lansangan na nagbabasa ng aklat habang sila ay nagpapahinga. Nalulungkot ako kapag wala akong ginagawa kaya araw-araw ay nais kong maging abala. Ang paggamit ng aking mga kamay ang masasabi kong nakatutulong upang mailabas ang pagmamahal ko sa larang ng sining.*

Balikang basahin ang talata sa itaas. Napuna mo bang naiiba ang ikaapat na pangungusap? Hindi nabuo ang kumpletong kaisipan sa pahayag dahil naisama ang pangungusap na walang kaugnayan sa paksang tinatalakay.

**4. Bigkasain nang wasto at malinaw ang mga salitang babanggitin.** Dahil maraming salita sa Filipino na pareho ang baybay ngunit magkaiba nang paraan ng pagbigkas, makabubuting pag-aralang mabuti ng guro ang pagkakaiba ng mga ito sa paraan ng pagbigkas Halimbawa:

Mag-ingat sa **aso**. (Binibigkas nang mabagal ang **aso** na nahahati sa dalawang pantig: **a / so**).

Masakit sa mata ang **aso**. (Binibigkas nang mabilis at isa lang ang pantig)

Gamit ng guro ang **pagtataya** sa pagmamarka (Assessment sa English at binibigkas nang mabagal. Humihinto sa ikatlong pantig ng salita **pagtata / ya**).

Libangan niya ang **pagtataya** sa *lotto*. (Mabilis at tuloy-tuloy ang pagbigkas at hindi binibigkas nang papantig).

**5. Gumamit lamang ng mga maikiing pangungusasp upang makaiwas ang kawalan ng pag-uugnayan ng mga kaisipan.** Napaiikli ang pangungusap kung pananatilihin itong payak ngunit organisado. Bukod sa madaling maunawaan, ito'y mabilis na nakukuha ang kaisipan o mensaheng nais iparating ng guro sa kaniyang mga mag-aaral. Halimbawa:

*Magulo ang isip ko kaya ibig kong makapag-isip nang nag-iisa kaya kumuha ako ng isang silya at naupo ako.* (mahabang pangungusap)

*Magulo ang isip ko. Ibig kong makapag-isa. Kumuha ako ng silya at naupo.* (maikling pangungusap)

**6. Tiyaking tama ang paggamit ng "ang" at "ng"**. Nahihirapan ang gurong hindi Tagalog ang unang wikang natutuhan sa pagtuturo ng Filipino. Madalas na mabaligtad niya ang paggamit ng **ang** at **ng** sa pangungusap. Dapat matandaan ng guro na ang **ang** ay pananda at laging gamitin sa kaukulang palagyo o ginagamit para tukuyin ang isang pangngalang ginagamit na paksa ng pangungusap. Halimbawa:

Guro ang publikong paaralan **ng** nagpakitang-turo. (mali)

Guro **ng** publikong paaralan **ang** nagpakitang-turo. (tama)



# Sharon Cuneta, ipinagmamalaki ang horror movie nilang *Kuwaresma*

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

**AMINADO** ang Megastar na si Sharon Cuneta na pinaka-*challenging* na *role* na nagampanan niya sa kanyang *career* ang *horror movie* na *Kuwaresma.*

Marami na siyang nagampanang *roles*, tulad ng pagiging isang mabuting maybahay sa *Madrasta*, isang *professional mourner* sa *Crying Ladies*, bilang OFW sa *Caregiver*, isang mabuting anak, *singer*, basurera, naging Darna na rin siya at iba pang mga natoka sa kanyang papel.

Pero ang pelikula nila ni Direk Erik Matti ang kakaiba raw sa lahat.

*"I knew it was gonna be physically and mentally demanding, but I didn't expect it to be* kasi *I'm a dramatic actress... I wasn't expecting to be squeezed so much. I have never been squeezed this much emotionally,"* sambit ng aktres.

Ito ang *most challenging* na *role* niya sa halos apat na dekada bilang artista at *57 movies* na nagawa niya, ito rin ang *role* na napakaraming hiningi raw sa kanya.

Ang *Kuwaresma* na prodyus ng Reality Entertainment at Globe Studios ay binansagan bilang *The Most Terrifying Horror Movie* ng 2019.

Tampok din dito sina John Arcilla, Guila Alvarez (na nagbabalik-*showbiz*), at ang bagong *discovery* ni Direk Erik, ang magkapatid na sina Pam at Kent Gonzales na gumaganap sa pelikulang ito bilang kambal.

Ayon pa kay Sharon, masaya siyang muling makatrabaho si Direk Erik sa isang proyekto. Nagkasama na sila noon, pero hindi sa pelikula kundi sa isang *TV commercial.*

Sinabi pa ng aktres na si Direk Erik ay isang *master* sa *cinematic language* at ang *horror genre* ang teritoryo ni Direk Erik.

Idinagdag pa ni Sharon na ipinagmamalaki niya ang kanilang pelikulang *Kuwaresma*, *"I am very proud of this movie! I'm very proud of all of our performances. And modesty aside, it really squeezed me. Everything I had, I think, I already put in this movie. I hope* na huwag po ninyong palagpasin ito lalo na iyo *horror fans like me*, kahit hindi ho, kasi kahit hindi kayo *horro fans, it really is a horror movie, but it has a heart.*

"Hindi naman ako maiiyak sa takot lang, eh. Maiiyak ka dahil may puso iyong *movie*. May pupuntahan. *So it's on the secrets of this family* na, *in the end*, kailangang lumabas, hindi puwedeng hindi," aniya pa.

Kumpirmadong si Sharon ay isang *horror fan* mula pa noong maliit na bata pa lamang siya. Kaya raw ma-*quote* ng aktres ang linya sa *The Exorcist* na nangunguna sa kanyang *horror movie list*

Gusto rin ni Sharon ang mga pelikulang *The Omen* ni Gregory Peck, *Don't Look Now* nina Julie Christie at Donald Sutherland, pati na ang Tagalog *film* na *Sa Init ng Apoy* na pinagbidahan nina Rudy Fernandez at Lorna Tolentino.

Sinabi rin ni Sharon na nakatulong ang ginamit nilang b sa pelikulang ito. Mayroon daw kasi itong sariling *history*, n nagsimula pa noong panahon ng mga Hapon noong *World War II or* baka nauna pa raw ang mga ito. Doon nagsimula a misteryo, hanggang sa dumating ang pamilya nila rito na h nalalaman ang kasaysayan ng bahay.

Nasabi naman ni direk Erik na nag-*panic* siya pansaman nang pumayat si Sharon. Problema raw kasi ito sa *continuit* kanilang pelikula.

Bago kasi nag-*concert* sa US si Sharon, kinunan na nila a *finale scene* ng *movie*. Pero hindi pa raw ito tapos, ilang baha lang nito bale ang nakunan. Pagbalik daw ni Shawie (*nickna* ni Sharon) ay sobrang payat nito.

Pinuri rin ni Direk Erik ang Megastar sa kinalabasan ng kanilang pelikula.

"Ang dami niyang ginawang *pysical, emotional*, sobra… iyakan, ang dugo talaga! Ang maganda kay Sharon, mataas respeto niya sa mga direktor. Kapag umoo na siya sa *project* ibibigay niya ang sarili niya," wika pa ni Direk Erik. L

# KUNG PAANONG KINATATAKUTAN KO ANG ULAN

Takot ako sa ulan.
Kahit pa sabihing paghuhugas ito
ng mga pagkakasalang araw-araw
na nalilikha ng makasalanang lungsod.

Nagtitipanan pa lamang
ang maiitim na mga ulap, namumuo
na ang bagyo sa loob ng aking dibdib:
pagkabalisang hindi ko ninanais masilip
kahit pa sa aking mga panaginip.

Nangangamba ako
sa mga libaging bangkay kung ituring
ng lipunan – ni walang bubong
silang maaaring masilungan
'pagkat tahanan nila'y tanging ang lansangan;

Sa mga magsasakang buong taon
inantabayanan ang pangmatrikula't
pantawid-gutom ng mag-anak
sa hulagway ng mga ginintuang butil
ng pinipintakasing sakahan;

Sa mga mamamalakayang halos
salungatin ang batas ng kalikasan
sa ngalan ng pakikipagbuno
sa malalaking mga agos
ng nagngangalit na karagatan;

Sa mga guro, drayber, welder, janitor,
waiter, barker, estudyante, pintor, tindera,
traffic enforcer, saleslady, sekyu, puta,
at sa lahat ng mga nag-apuhap ng katuparan
sa kani-kanilang mga pangarap
gaano man ito kaimposible't kahirap;

Natatakot ako sa ulan.

Dahil habang nasa ilalim ako
ng matitibay na mga bubong
humihigop ng kape't balot na balot
ng makakapal na balabal at kumot –

batid kong mayroon pa ring pawis,
luha at dugong pumapatak
sa labas ng aking tahanan
na hindi kailanman kayang
mahugasan ng ulan:

mula sa naghihikahos kong bayan.

**- GEROME NICOLAS DELA PEÑA**

